

Seksyon 3 Pagtatrabaho, Suporta sa Negosyo

1 PAGTATRABAHO

(1) Limitasyon sa Pagtatrabaho

Pinahihintulutan ang gawain sa loob ng bansang Hapon ng mga dayuhan sa loob ng saklaw ng pahintulot para sa paninirahan. Sa kasalukuyan, mayroong 38 uri ng pahintulot para sa paninirahan, ngunit maaaring ibukod sa sumusunod na 3 uri kung itutok ang pansin sa kung maaaring magtatrabaho o hindi.

①	<p>Pahintulot para sa paninirahan na pinahihintulutang magtatrabaho sa itinakdang saklaw ng pahintulot para sa paninirahan (29 uri)</p> <p>Diplomat, Official, Professor, Artist, Religious Activities, Journalist, Highly Skilled Professional (1-a, 1-b, 1-c, 2), Business Manager, Legal/Accounting Services, Medical Services, Researcher, Instructor, Engineer/Specialist in Humanities/International Services, Intra-company Transferee, Nursing Care, Entertainer, Skilled Labor, Specified Skilled Worker (i, ii), Technical Intern Training (1-a, 1-b, 2-a, 2-b, 3-a, 3-b), Designated Activities (Working holiday, Dayuhang Naghahangad maging Sertipikadong Nars/Care Worker alinsunod sa Economic Partnership Agreement (EPA), Dayuhang Trabahador sa Paggawa ng mga Barko, at iba pa)</p> <p>Ukol sa Designated Activities, mayroon ding hindi pinahihintulutang magtatrabaho (Taong matagalang nananatili na layunin ang paglalakbay, paglilibang, pananatili para sa pagpapagamot, at iba pa).</p>
②	<p>Pahintulot para sa paninirahan na sa patakaran, hindi pinahihintulutang magtatrabaho (5 uri)</p> <p>Cultural Activities, Temporary Visitor, Student, Researcher, Dependent</p> <p>Ukol sa “Student,” “Dependent” at iba pa, kung kumuha ng pahintulot para sa gawain bukod sa pahintulot, sa patakaran, maaaring magsagawa ng trabaho (trabahong part-time o <i>arubaito</i>) hanggang 28 oras sa 1 linggo. Ukol naman sa panahon ng mahabang bakasyon ng “Student” tulad ng bakasyon sa tag-init ng institusyon ng edukasyon kung saan nakarehistro, maaaring magtatrabaho hanggang 8 oras sa 1 araw.</p>
③	<p>Pahintulot para sa paninirahan na walang limitasyon sa gawain ng pagtatrabaho (4 uri)</p> <p>Permanent Resident, Spouse or Child of Japanese National, Spouse or Child of Permanent Resident, Long Term Resident</p> <p>Walang limitasyon sa pagtatrabaho ayon sa Batas hinggil sa Imigrasyon para sa “Permanent Resident,” “Spouse or Child of Japanese National,” “Spouse or Child of Permanent Resident” at “Long Term Resident”</p>

(2) Pagtatrabaho

① Paghahanap ng trabaho

Nagsasagawa ng pagbibigay-daan sa hanapbuhay sa Hello Work (Pamublikong Tanggapan para sa Kasiguruhan ng Hanapbuhay) para sa mga dayuhang pinahihintulatang magtrabaho sa bansang Hapon, kaya't mangyaring makipagkonsulta sa Hello Work (Pamublikong Tanggapan para sa Kasiguruhan ng Hanapbuhay) na malapit sa inyo.

Para sa mga katanungan

Hello Work (Pamublikong Tanggapan para sa Kasiguruhan ng Hanapbuhay) (sa loob ng Hiroshima prefecture)

Mangyaring gamitin ang sumusunod na mga institusyon na may tagapagsalin.

◆◆ Employment Service Corner para sa mga Dayuhan ◆◆

(Katanungan kaugnay sa employment ng estudyante, dayuhan sa larangang pandalubhasa/teknikal, employment ng taong may lahing Hapones)

I Hiroshima Employment Service Corner para sa mga Dayuhan

Nakatalagang Lugar	Hello Work Hiroshima 1F ☎ (082)228-0522 direktang linya ng service corner
Araw na bukas	Araw-araw (liban sa Sabado, Linggo at Pista opisyal)
Oras na bukas	8:30 – 12:00, 13:00 – 17:15
Pagsasalin <10:00 – 16:00>	- Kastila, Portuges (Lunes, ika-2 at ika-4 na Miyerkules, Huwebes) - Intsik (Lunes, Martes, Miyerkules, Huwebes, Biyernes) - Ingles (Martes)

* Para sa mga estudyante, pagbibigay ng impormasyon sa trabahong part-time (*arubaito*). Mangyaring magtanong sa “Hiroshima New Graduate Support Hello Work” para sa konsultasyon tungkol sa paghahanap ng trabaho ng estudyante.

II Fukuyama Employment Service Corner para sa mga Dayuhan

Nakatalagang Lugar	Hello Work Fukuyama 1F ☎ (084)923-8609 Hello Work Fukuyama (Department Code 44#)
Araw na bukas	Araw-araw (liban sa Sabado, Linggo at Pista opisyal)
Oras na bukas	8:30 – 12:00, 13:00 – 17:15
Pagsasalin <10:00 – 16:00>	- Kastila, Portuges (Lunes, Miyerkules, Biyernes) - Intsik (ika-2 at ika-4 na Martes) - Ingles (Lunes, Miyerkules, Biyernes)

◆◆ Serbisyong Pansuporta ng Hiroshima Prefecture sa Paghahanap ng Trabaho ◆◆

Tumatanggap ng iba't ibang konsultasyon tungkol sa paghahanap ng trabaho sa “Hiroshima Shigoto-kan” at sa “Hiroshima Shigoto-kan Fukuyama Satellite.” Walang pagsasaalang-alang sa kasarian at edad.

Maaari ring magkonsulta tungkol sa paghahanap ng trabaho ng estudyante.

Hiroshima Shigoto-kan ☎(082)224-0121 / 0122

(sa loob ng Takara building 12-8 Motomachi, Naka-ku, Hiroshima-shi)

Consultation Corner: “Consultation Corner para sa Pagtatrabaho ng Kabataan”

“Occupation Referral Corner para sa mga Senior / Middle Aged” at iba pa

Araw na bukas Lunes – Biyernes 10:00 – 18:00

Ika-1 at ika-3 na Sabado 12:00 – 18:00 *Inuuna ang may appointment

(Magkakaiba ang araw at oras na bukas ayon sa consultation corner.)

Hiroshima Shigoto-kan Fukuyama Satellite ☎(084)921-5799

3F Manabi no kan Rose com 1-10-1 Kasumichō, Fukuyama-shi

Consultation Corner: “Occupation Referral Corner para sa mga Senior / Middle Aged”

Araw na bukas Miyerkules , Biyernes 10:00 – 16:40

*Inuuna ang may appointment

(Magkakaiba ang araw at oras na bukas ayon sa consultation corner.)

* Walang nakatalagang pagsasalin. Hinihiling na kumuha ng appointment antimano. Maaaring magsama ng taong nakakaintindi ng wikang Hapon.

◆Hiroshima Shigoto-kan, Hiroshima Shigoto-kan Fukuyama Satellite

Homepage: <https://www.pref.hiroshima.lg.jp/site/work2/wn500192.html>

◆◆ Serbisyong Pansuporta ng Hiroshima Prefecture sa Paghahanap ng Trabaho
(Konsultasyon sa Pagdurusa) ng mga Babae ◆◆

Nakatalaga sa 2 lugar sa Hiroshima prefecture, sa lungsod ng Hiroshima at lungsod ng Fukuyama ang “Work Waku Mama Support Corner” (pansuporta sa mga nagtatrabahong ina) kung saan tumatanggap ng konsultasyon ng mga babaeng nais magtrabaho habang pinagsasabay ang trabaho at gawain sa tahanan.

Inaasahang magamit ang corner na ito ng mga taong nababalisa o may problema tulad ng “Hindi ko alam kung kaya kong magtrabaho habang nag-aalaga ng bata,” “Gusto kong malaman ang impormasyon sa nursery school/day care center” at iba pa. Maaaring magkonsulta nang bukod sa iba (mahigpit na pangangalagaan ang lihim) sa pagpunta sa pasilidad o sa pamamagitan ng online (Zoom), at babaeng tagapayong pirmihang nakatalaga dito ang tatanggap ng konsultasyon nang libre.

Mayroon ding Pamublikong Tanggapan para sa Kasiguruhan ng Hanapbuhay (Hello Work) dito, kaya’t pagkatapos mapawi ang pagkabalisa, maaaring tumanggap ng suporta sa pagbibigay-daan sa hanapbuhay o iba pa sa parehong palapag. Mangyaring gamitin po ninyo ang serbisyong ito.

* OK ang may kasamang anak (Mayroon ding kids corner kung saan may pirmihang nakatalagang child care worker, silid para sa pagpapasuso ng sanggol, at lugar para sa pagpapalit ng lampin!)

◆ [NEW] Susuportahan ang childcare fees habang naghahanap ng trabaho ! Habang naghahanap ng trabaho, may mga dumadaing na “Nag-aalala ako kung saan puwedeng iwanan ang bata para sa childcare at kung magkano ang magiging gastos...”, o di kaya’y “Kahit may alok sa trabaho ay hindi ako makakapunta agad para sa interview dahil hindi ko maiwanan ang bata”. Upang matugunan ang mga pag-aalalang ito, binabalak na ipagkaloob ang suporta para sa childcare fees mula sa Abril 2021.

Mangyaring sumangguni sa support corner para sa karagdagang detalye.

Work Waku Mama Support Corner Hiroshima ☎(082)542-0222 (NREG Hiroshima Tatemachi building 3F 1-20 Tatemachi, Naka-ku, Hiroshima-shi sa loob ng Shigoto Plaza Mothers Hiroshima) Araw na bukas Lunes – Biyernes 8:30 am – 5:15 pm *Inuuna ang may appointment (Sarado tuwing Sabado, Linggo, Pista opisyal, Obon holiday, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
Work Waku Mama Support Corner Fukuyama ☎(0800)200-4515 (toll free) (Est Park 1F 1-21 Higashisakura-machi, Fukuyama-shi sa loob ng Shigoto Plaza Mothers Fukuyama) Araw na bukas Lunes – Biyernes 8:30 am – 5:00 pm *Inuuna ang may appointment (Sarado tuwing Sabado, Linggo, Pista opisyal, Obon holiday, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)

- * Walang nakatalagang pagsasalin. Hinihiling na kumuha ng appointment antimano dahil kailangan naming maghanda para makapagbigay ng impormasyon. Maaari ring magsama ng taong nakakaintindi ng wikang Hapon.

◆ Work Waku Mama Support Corner
 Homepage: <https://wakumama.jp/>
 (*Maaaring kumuha ng appointment sa homepage)

② Kaguluhan sa trabaho at iba pa

Dayuhang manggagawa man, ipinapatupad ang Batas hinggil sa Pamantayan ng Paggawa, Batas hinggil sa Kontrata ng Paggawa, Batas hinggil sa Minimong Pasahod, Batas hinggil sa Kaligtasan at Kalinisan ng Paggawa at iba pang batas kaugnay sa pamantayan ng paggawa. Para sa taong naghahanap ng tanggapang pangkonsultasyon tungkol sa iba't ibang problema sa trabaho tulad ng iba sa kontrata ang kondisyon sa trabaho, hindi binayaran ang sahod, taong may problema kaugnay sa kondisyon sa trabaho tulad ng di-makatuwirang pagtanggap sa trabaho, may pagkakaiba sa pasahod, oras ng trabaho o iba pa dahil sa pagkakaiba sa nasyonalidad, huwag mag-atubiling makipagkonsulta sa mga sumusunod na tanggapang pangkonsultasyon.

◆◆ Kagawaran ng Kalusugan, Paggawa at Kagalingan

Konsultasyon sa Telepono para sa mga Dayuhang Manggagawa◆◆

Wika	Araw na bukas ^{*1}	Oras na bukas	Telepono ^{*2}
Ingles	<u>Lunes – Biyernes</u>	10:00 am – 3:00 pm (liban sa tanghali hanggang 1:00 pm)	0570-001-701
Intsik			0570-001-702
Portuges			0570-001-703
Kastila			0570-001-704
Tagalog			0570-001-705
Vietnamese			0570-001-706
Myanmar	Lunes		0570-001-707
Nepalese	Martes, Miyerkules, Huwebes		0570-001-708
Koreano	Huwebes, Biyernes		0570-001-709
Thai	Miyerkules		0570-001-712
Indonesian			0570-001-715
Cambodian (Khmer)			0570-001-716
Mongolian	Biyernes	0570-001-718	

^{*1} Liban sa katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon (Disyembre 29 – Enero 3).

^{*2} Gastos ng taong tumawag ang bayad para sa tawag.
 Maaari din na tumawag mula sa mobile phone at PHS.

◆◆Konsultasyon ukol sa Kondisyon sa Trabaho para sa mga Dayuhang Manggagawa◆◆

I Konsultasyon ukol sa Kondisyon sa Trabaho
para sa mga Dayuhang Manggagawa sa Hiroshima

Nakatalagang Lugar sa loob ng Inspection Division ng Hiroshima Labor Bureau ☎ (082)221-9242
Oras na bukas 9:00 am – 12:00 pm, 1:00 pm – 4:30 pm
Pagsasalin * Maaaring magbago - Kastila, Portuges (Lunes, Martes, Huwebes, Biyernes) - Intsik (Biyernes)

II Konsultasyon ukol sa Kondisyon sa Trabaho
para sa mga Dayuhang Manggagawa sa Hiroshima Chuo

Nakatalagang Lugar sa loob ng Labor Standards Inspection Office ng Hiroshima Chuo ☎ (084)221-2460
Oras na bukas 9:30 am – 12:00 pm, 1:00 am – 5:00 pm
Pagsasalin * Maaaring magbago - Vietnamese (Martes)

III Konsultasyon ukol sa Kondisyon sa Trabaho
para sa mga Dayuhang Manggagawa sa Fukuyama

Nakatalagang Lugar sa loob ng Labor Standards Inspection Office ng Fukuyama ☎ (084)221-2460
Oras na bukas 9:00 am – 12:00 pm, 1:00 am – 4:30 pm
Pagsasalin * Maaaring magbago - Intsik (Miyerkules)

- Nakalathala sa Work² Net Hiroshima ang iba pang tanggapang pangkonsultasyon.

◆Work²Net Hiroshima

Homepage: <https://www.pref.hiroshima.lg.jp/site/work2>

- ③ Sakit, pinsala habang nagtatrabaho

Kapag napinsala ang manggagawa habang nagtatrabaho, nagkasakit sanhi ng trabaho o magdanas ng sakuna habang papasok sa o pauwi mula sa trabaho, maaaring tumanggap ng bayad-pinsala para sa pagkapahamak dahil nagbayad ng gastusin sa pagpapagamot o hindi na makapagtrabaho.

Tinatawag itong “Seguro ng Manggagawa para sa Bayad-pinsala sa Sakuna,” at kinakailangang sumapi sa seguro ang may-ari ng kumpanyang nagpapatrabaho ng kahit isang manggagawa lamang. Pasanin ng may-ari ng kumpanya ang buong halaga ng bayad para sa seguro.

Mangyaring magtanong sa malapit na Labor Standards Inspection Office para sa mga katanungan kaugnay sa nilalaman ng sistema at iba pa.

Para sa mga katanungan

Labor Standards Inspection
Office

④ Pagkawala ng trabaho at iba pa

Kapag nagbitiw ng tungkulin pagkatapos matanggap sa trabaho bilang taong nakaseguro sa seguro sa pagtatrabaho sa loob ng takdang panahon, alinsunod sa takdang kondisyon, maaaring tumanggap ng benepisyo para sa pagkawala ng trabaho. Mangyaring isagawa ang palakad sa Hello Work (Pampublikong Tanggapan para sa Kasiguruhan ng Hanapbuhay) na may hurisdiksyon ng inyong address.

◇◇Ukol sa sistema ng seguro sa pagtatrabaho

Nakatatag ang sistema ng seguro sa pagtatrabaho sa Japan. Sa sistema ng seguro sa pagtatrabaho, binabanghay ang kasiguruhan ng pagtatrabaho ng manggagawa sa loob ng panahon ng panunungkulan, at nagsasagawa ng benepisyo para sa pagkawala ng trabaho sa manggagawang nawalan ng trabaho para maisulong ang kasiguruhan sa hanapbuhay at muling pagtatrabaho. Sa patakaran, kinakailangang sumapi sa seguro sa pagtatrabaho kahit ang dayuhan, liban kung part-time o iba pang manggagawang walang 20 oras ang takdang oras ng pagtatrabaho sa 1 linggo.

Pagkatapos pumasok sa kumpanya, ipadadaan sa may-ari ng kumpanya at ipagkaloob ang sertipiko ng taong nakaseguro. Mangyaring makipagkonsulta sa Hello Work (Pampublikong Tanggapan para sa Kasiguruhan ng Hanapbuhay) kung hindi ipagkaloob ang sertipiko ng taong nakaseguro.

Para sa mga katanungan

Hello Work (Pampublikong Tanggapan para sa Kasiguruhan ng Hanapbuhay) (sa loob ng Hiroshima prefecture)